

His
BARGAIN
A HAREM NOVELLA

VANESSA

This e-book is exclusively available for purchase through [Whimsical Books Ph](#) for personal use only. If you acquired this copy from a source other than Whimsical Books Ph, please inform us, and we'll reward you for the information.

All rights reserved. No part of this book may be copied, distributed, or transmitted in any form or by any means, including screenshots, without the prior written permission of the author, except for brief quotations used in critical reviews or permitted by copyright law for noncommercial purposes.

This is a work of fiction. All characters and events are either products of the author's imagination or used fictitiously.

His Bargain

Copyright © 2026 by Vanessa

All rights reserved.

vanessa-writes.com

Distributed by [Whimsical Books Ph](#)

Visit their [Shopee](#) or [TikTok](#) for
printed copies.

First Digital Edition

CHAPTER 1

Pinagbibigyan kita dahil matagal na tayong magkaibigan, Azon. Masama akong kaaway. Alam mo yan. Sa katapusan. Kahit tatlong daang libo o magiging magkaaway tayo.

Nangilabot si Luisa sa screenshot na pinadala sa kanya ng ina. Hindi iyon ang una. Hindi sila makapag-report sa pulis dahil hepe ang nagpapadala ng text, bukod sa burner phone ang gamit. Wala ring direktang banta. Pero malinaw ang mensahe.

Nagpadala siya ng message sa ina, nanginginig ang mga daliri: *I'll take care of the 300k, ma. Promise.*

Gusto niyang umiyak dahil noon lang siya nangako nang hindi sigurado kung makakatupad doon. Pero ayaw niyang hindi na naman makatulog ang ina. Nag-aalala na siya rito, lalo na at kagagaling lang sa stroke. Mild, walang malaking pinsalang makikita sa panlabas, pero kung araw-araw itong natetensiyon tulad ngayon, hindi niya alam ang posibleng mangyari.

Pinadlhan din niya ng message ang isang malayong pinsang nag-aalaga sa babae. Sinabi niya roon na kunin na ang phone ng kanyang ina at baka kung mapaano pa. Kung maaari lang, gusto niyang tawagan at pagmumurahin si

Fred Pineda, ang hepe na loan shark. Natural, hindi niya magawa. Hindi iyon madadaan sa pakiusap, lalong hindi maaawa. Alam na ngang na-stroke na ang nanay niya, hindi pa rin makapagbigay ng palugit.

And so here she was, offering the only thing she had left for sale and hoping Javier del Toro would find it worth buying. Kung hindi, hindi niya alam kung ano ang gagawin niya.

“Ano ka ba?” puna sa kanya ni Clementine, ang “manager” niya. Bugaw, sa mas makatotohanang papel nito sa transaksiyong iyon. Nakilala niya ito sa internet, sa isang Facebook group na pinasok niya gamit ang dummy account. “Walker” group, grupo ng mga nagbebenta ng katawan.

Totoong pangalan nito ang gamit, may matinong profile, may testimonials pa ang mga babae nito. Sa lahat ng bugaw doon, si Clementine lang ang pinakamapagkakatiwalaan. “Hindi ka mapakali. Puwede bang kumalma ka?”

Madali para ditong sabihin dahil naging trabaho nito ang papasukin niya. Trabaho noon, hindi na ngayon, mula nang mag-resign sa harem ni Javier, ang bilyonaryong mayroong sariling koleksiyon ng mga babaeng nagsisilbi rito. Paulit-ulit ang pagkukuwento ng babae ng maliligayang araw nito sa harem, na dahil daw sa boyfriend ay iniwan nito.

“Hindi ka matatanggap kung ganyan ka,” anito. “Ayaw na ayaw ni Javier na mukhang napipilitan lang. Pinapauwi

niya agad ang mga gano'n. Sino ba naman ang magbabayad sa 'yo kung para kang pinilit?"

"Sorry," agad niyang sabi. She really needed this job.

"Pasalamat ka maganda ka."

"Basta ang usapan natin, Clem, 'yong loan—"

"Oo nga. Pero may interes ako, ha?"

Tumango na lang siya. Wala namang magpapautang nang walang interes sa panahon ngayon. Kung sana hindi pa puno ang credit cards niya at lahat ng loan apps, hindi siya papasok sa ganitong trabaho. Kung sana kaya niyang makabayad sa mga pinsan niyang may kaya-kaya sa buhay, sa mga iyon na lang siya nanghiram. Pero ayaw niyang mangutang sa mga ito nang

walang katiyakan kung kailan siya makakabayad. Mag-aaway lang sila, magkakasamaan ng loob. Lalabas na tatarantaduhin niya ang mga ito, uutang siya pero hindi naman pala guaranteed na kabayaran.

She had no other choice. Ang masaklap, kahit makabayad siya ng tatlong daang libong piso sa katapusan, kulang na kulang pa rin dahil araw-araw tumataas ang interes ng isang milyong utang ng kanyang ina. Sa katunayan, higit kalahating milyon na ang nabayaran nila pero buo pa rin ang isang milyong principal sa laki ng interes. Hindi niya alam kung makakabawi pa sila. O kung ano ang gagawin sa hinaharap. Umaasa siyang mapapakiusapan na babaan ang interes

kahit paano. Kapag nakapasok na siya sa harem, sasahod siya ng isa hanggang dalawang daang libo buwan-buwan sa simula, depende sa mga “extra.”

Basic pay daw ang one hundred thousand. May kung ano-anong mga allowance kaya labis doon ang total na makukuha, bukod sa mga alahas, pabango, bags, at iba pang mga regalo ni JDT sa mga babae. Nagpapa-cash advance din daw, pero kailangang magtagal muna nang ilang buwan. Umaasa siya doon. Baka sakaling magawan niya ng paraan makahiram agad nang sa ganoon ay hindi na tumaas pa ang interes ng mga utang, maging ang uutangin niya dito kay Clementine.

Lord, when did things go so wrong in my life?

She might not remember the exact date, but she knew where her life had gone wrong. Pero hindi na mahalaga ngayon. All that mattered was securing a place in Javier del Toro's harem and becoming one of his whores.

Oh, God.

Hindi na siya makaiyak pa. Ilang gabi siyang umiyak hanggang isang araw, na-realize niyang lalo siyang malululong sa lungkot kung wala siyang ibang gagawin kundi kaawaan ang sarili. She was much stronger than that. Kung itong pagbebenta ng katawan ang kapalaran niya, tatanggapin niya. She would make more this way anyway, as long as she made it to the harem. Para tuloy naging isla sa gitna ng karagatan ang lugar na

iyon. At kung sakali raw na magaling ang performance niya, o kung sa kung anong dahilan ay magustuhan ni Javier, kundi man ay ng tiyahin niyong si Mama Nel, ang personalidad niya at ugali, ay puwedeng taasan agad ang sahod niya.

“Sana matanggap ako,” sambit niya, na narinig ni Clementine.

“Sinabi ko naman sa ‘yo, kung hindi ka makakapasok diyan, may mga congressman tayong puwedeng alukin. Sa ganda mong ‘yan, hindi ka mawawalan ng customer.” Bumuga ito. “Hay, dapat na talaga akong magdiyeta nang makasalang ulit. Kailangan ding mag-gym nang makaibabaw.”

Hindi na lang niya pinansin ang mga sinasabi nito. Kaswal na kaswal sa

babae ang ganoong topic, na para bang hindi sex ang topic kundi Zumba. Kunsabagay, proud daw ito sa trabaho dahil ilang kapatid nito ang nakakapagtapos nang dahil doon. Iniwan nito ang lahat nang magka-boyfriend, at makalipas ang ilang taon at isang anak, nagloko rin ang lalaking hindi nag-abalang maghanap ng trabaho kaya dinispatsa nito.

“Ayoko naman ng second plan mo, Clem,” pagtatapat niya rito. Iyon nga lang isa ang pagsisilbihan niyang lalaki nahihirapan na siyang sikmurain, paano pa kung pagpapasa-pasahan siya ng mga mayayamang kliyente? Kailan niya mabubuo ang pambayad?

“Eh, wala kang magagawa. Kailangan mo ng pera, eh.”

Bumuntong-hininga ito. “Pero gets ko naman. Sino ba naman ang gusto ng ganitong trabaho? Akala ko rin naman seseryosohin na ako ng jowa ko. ‘Yon pala mambababae lang ang anak ng putang jutay. Bakit ko pinagpalit si Javier do’n? Ang sarap ng buhay ko sa harem. Kung hindi lang ako natahi ng Caesarian at nalosyang, mag-a-apply ako ulit. Maniwala ka sa akin, maliligayahan ka do’n. Saka feeling ko papasa ka. Ang ganda mo kasi, saka ang kinis mo, laki pa ng joga mo.”

Kung hindi magsasalita si Clementine, walang mag-iisip na kanal ang lalabas sa bibig ng babae. Para sa kanya, hindi nakaapekto sa kagandahan nito kung tumaba man. Nakita rin niya itong naka-crop top at

lantad ang tahi. Wala namang issue. Pero siguro, dahil sabi nga nito, “first class” ang ganda ng mga babae sa harem, naisip siguro nitong hindi ito qualified.

But she was. Apparently.

Alam niya namang maganda siya, pero kailanman, hindi niya naisip gamitin iyon sa anomang paraan. She worked hard to have a decent life. Maykaya sa buhay ang mga magulang niya, nakapagtapos siya ng pag-aaral, namasukan sa isang BPO. Pero hindi sasapat ang sahod niya para makapagbayad sa inutang ng kanyang ina, lalo na at naubos ang savings niya nang ma-stroke ito. In a way, she was partly responsible for her mother’s broken heart. She had run away from

her wedding and left her mother to deal with the mess. Ang katwiran niya noon, ito naman ang naglagay sa kanya sa posisyon kung saan napilitan siyang magpakasal sa isang lalaking hindi niya kilala kaya bakit hindi ito rin ang maglinis ng kalat ng iiwan niya?

Roman. That was the man's name. Such an ordinary name for someone who was anything but. There was something about him that unnerved her, something that made her pulse race with an emotion dangerously close to fear. Hindi niya maipaliwanag kung ano iyon eksakto. It bothered her until today not knowing what that feeling was. Pero hindi na importante pa.

Hindi na niya maibabalik ang nakaraan at ang tanging magagawa

ngayon ay itodo ang effort para sa mapasok sa “mas matinong” version ng pagbebenta ng katawan. To just one man as part of a group of women whose job was to please him. Dahil madami sila, hindi siya ang nag-iisang aasahan. Maybe she could even avoid physical contact. Hindi pa niya alam kung ano ang tamang diskarte.

“Paparating na daw, sabi ni Mommy Nel,” imporma ni Clementine sa kanila, tinukoy ang manager ng harem.

Tatlo silang babae. Feeling niya siya lang ang pasok dahil may hitsura man ang dalawa niyang kasama, kung pagbabasehan ang mga sinabi ng kanyang “manager,” parang ang gusto ni Javier ay iyong may finesse. Itong dalawang recruit ni Clementine ay

parehong may experience sa de-klaseng bar bilang mga escort at medyo halata sa pagkilos at pananalita. This was an ordinary job application for these two. Pero baka makaganda pa ang confidence ng dalawa. Baka kailangan niyang tumulad.

Why would Javier want someone who seemed to hate the job?

“Ikaw ang feeling ko sure ball,” wika ni Clementine sa kanya, saka binalingan ang dalawa nilang kasama. “Kayong dalawa, ‘wag masyadong atat sumubo ng etits para sa pera. Sinabihan ko na kayo. Dapat konting pino. Ikaw Cherelyn, ang sabi ko ‘wag damit pokpok pero dumating ka kaninang beerhouse na beerhouse ang datingan. Buti madami akong puwedeng ipasuot

sa ‘yo. At ikaw naman, Kurdapya, si Congressman ang natakot sa pagkaagresibo mo noong nakaraan. Nanlalapa ka, eh. Hindi puwede ‘yan kay Javier. O, ‘ayan na yata.”

Sumikdo ang dibdib niya, sabay tingin sa paparating na mga sasakyan. Dalawa lang iyon, parehong itim. Nasa loob sila ng compound ni Javier, sa lobby ng isang country club. Open iyon, malawak. Nakapuwesto sila sa bahaging tanaw ang labas.

Nang pumasok ang lalaki ay nasorpresa si Luisa. The man was gorgeous. Ito ang tipong kayang makuha ang kahit na sinong babaeng gustuhin, kaya bakit kailangan nitong magbayad ng sangkaterbang babae?

Agad lumapit si Clementine dito,

itinuro sila. Javier looked at them and then said something to Clementine. Tumuloy na rin papasok ng gusali ang lalaki. Lumapit na sa kanila si Clementine.

“Kumain daw muna tayo sa loob. Tara.” Kilig na kilig ang bugaw.

Sumunod sila sa babae. Pinapuwesto sila ng waiter sa isang mesa. Umorder si Clementine ng pasta, ito rin ang umorder para sa dalawang babae, pero siya ay pinaorder ng sarili niya. Wala siyang gustong ilaman sa sikmura dahil para siyang maduduwal. Sa huli, isang slice ng cake na lang ang inorder niya. Tsaa bilang inumin dahil hindi niya kayang lalong lumakas ang tibok ng puso sa kape.

Hinanap ng mga mata niya si Javier

na agad namang nakita kahit nasa dulo ito, nag-iisa. Baka hindi pa dumarating ang kausap.

“Ang pogi,” sabi ni Kurdapya.

Akala niya ay si Javier ang tinutukoy ng babae pero ngumuso ito sa direksiyon ng entrance ng restaurant. Napatingin siya roon at napatulala nang makita kung sino ang naroon.

“Roman,” sambit niya. Salamat at hindi napansin ng mga kasamahan niyang nakatingin lahat dito.

Naramdaman siguro ng lalaki kaya napatingin sa gawi nila. Their eyes met, and she knew at once that he recognized her.

What the hell is he doing here? Baka member ng leisure club, konklusyon niya.

Hiling niyang sana ay tantanan na siya nito ng tingin dahil nahalata na ng mga kasamahan niya.

“Kilala mo?” tanong ni Clementine.

Hindi lang kilala, *muntik ko pang napangasawa*, sa loob-loob niya. Halos hindi siya makapaniwala sa lakas ng tibok ng puso niya. There stood her former groom, all six feet of him. He wore a black button-down shirt tucked into black trousers. His long hair was tied low at the nape, as before, exposing the tattoo on his neck. She knew it extended down his chest. He also had a full sleeve of tattoos on one arm. He was ten years older than she was, but he could have passed for her age.

He still unnerved her. It was as if one step toward him would lead her into

something beyond her control, and once she surrendered to it, there would be no turning back.

Hindi niya magawang iwasan ang mga mata ng lalaki.

“Hoy,” untag sa kanya ni Clementine. Napatingin siya rito. “O-Oo, kilala ko.”

“Ang pogi, ah?”

Was he really? Hindi ganoon ang una niyang impresyon sa lalaki. In fact, to her he seemed almost... beastlike. Iyon lang ang salitang naiisip niya para ilarawan ito. Mula sa mahaba nitong buhok hanggang sa tinta sa katawan nito, sa facial hair na bagaman manipis ay nakakadagdag sa bangis nito.

And then there were his eyes. She had never liked the way they looked at

her. Para bang nababasa ang lahat ng isipin niya. And when she found out who his father was, it sealed her decision to call off their wedding. Hindi siya magpapakasal sa isang taong galing sa ilegal ang lahat ng yaman. So she left him on their wedding day.

That was two years ago. This was the first time she had seen him since.

How ironic. She had fled rather than become his wife. And now, two years later, they had crossed paths again as she waited to become one of Javier del Toro's whores.

Nang muli siyang tumingin sa lalaki ay wala na ito sa kinatatayuan. Hindi ito naglakad palapit sa kanya, kundi patungo kay Javier. Bumilis ang kanyang paghinga. Surely, he wasn't

going to meet with the man she was supposed to sell herself to?

But fate had always had a way of spitting on her face because Roman did. Pumuwesto ito sa mesa ni Javier. Agad siyang napainom ng tsaa.

“O, siya pala ang kausap ni Javier,” ani Clementine na paharap sa dalawa ang puwesto sa mesa. Siya ang nakatalikod kaya mas awkward kung mananatili siyang nakatingin sa mga lalaki, kahit iyon ang gusto niyang gawin. “Baka puwede kang magpalakad kung kilala mo.”

“H-Hindi kami close,” sabi niya na lang. She could picture herself approaching Roman to ask if he could convince Javier del Toro to hire his former fiancée as a sex worker. That

would be a fun conversation.

She wondered if he still hated her. Ang sabi ng kanyang ina, nagalit daw ang lalaki dahil napahiya ito sa mga inimbitahang tao, kahit pa nga natawagan nito ang mga iyon bago ang mismong oras ng kasal. Marahil din ay dinemanda siya nito para sa nagastos sa kasal kung hindi lang napilitan ang kanyang ina na ibenta na ang negosyo at property rito, na siyang tanging dahilan kung bakit muntikan na siyang makasal sa lalaki in the first place. He got what he wanted—the business her parents had built, her home—along with all the memories of her childhood.

“Kumain ka,” ani Clementine. “Baka kailanganin mo ng energy mamaya.”

Sumubo siya ng strawberry

shortcake. It was almost too hard to swallow. And time ticked by so slowly.

“O, ‘tapos na sila. Ready na kayo,” alertong sabi ni Clementine.

Mas lalo nang sumasal ang dibdib ni Luisa. Pero naisip niyang hindi naman siguro malalaman ni Roman kung bakit siya naroon. Ni hindi nito alam na si Javier ang sadya niya. Besides, wala na silang dapat pang maging koneksiyon. Kung ginusto siya nitong makausap matapos ang ginawa niya rito, sana noon pa siya nito hinanap dahil hindi naman siya nagtago.

Mayamaya ay naroon na nga si Javier, kasama si Roman.

Hindi pa man ay parang nanlalata na siya. She was terrified. Kung alam ni Roman ang tungkol sa kanya at sa plano

niya sa harem, baka sabihin pa nito sa mama niya. Baka makasama pa sa babae ang lahat.

“Come, Clementine. As for your friend here, I think Roman needs to talk to her.” Bahagyang tumango sa kanya ang lalaki, habang si Clementine ay tila saglit na nalito.

“Boss—” ani Clementine na tumayo, tulad ng dalawang babae.

Tatayo din sana siya pero nadama niya ang palad ni Roman sa kanyang balikat.

“Let’s go, Clementine,” muling sabi ni Javier saka tumalikod na.

Sumunod dito ang tatlong babae. Sumenyas sa kanya si Clementine ng phone. Tawagan daw niya ito. Wala siyang nagawa kundi tumango.

Naupo si Roman sa inalisan ni Clementine. Tumingin ito sa kanyang mukha. Sinalubong niya ang mga mata nito pero agad ding nagbaba ng tingin. He knew. Hindi na nito kailangang sabihin. Sa kung anong paraan, alam na nito. Hindi niya alam kung kanino maiinis—kay Javier o dito.

“How’s my ex-fiancée?” sa wakas ay sabi ng lalaki.

His voice was exactly as she remembered it. Hindi niya iyon maaaring ipagkamali sa iba. Low and slightly rough, it only added to the primal quality that had always unsettled her.

“If you wanted to talk, you could’ve told me. I would’ve called you after my job interview.” Nasorpresa siyang hindi

siya nautal sabihin iyon.

Tumaas ang sulok ng mga labi nito.
“Job interview, huh?”

“Yes, a job interview,” angil niya dahil ano bang pakialam nito? Ito ba ang pinagbabantaan ang buhay kung hindi makakabayad ng utang? Wala siyang choice. Kung gagamitin nito ang sitwasyon niya para ipahiya siya, tatanggapin niya, pero sana hindi ngayon. “I was counting on getting that job.”

“I was ready to give you my name,” he said so very calmly. “You ran. Now you would rather sell yourself to Javier than wear it. Tell me, Luisa, was I the worse bargain?”

Napasinghap siya. “Hindi mo naiintindihan ang sinasabi mo.”

“Then explain.”

“I don’t have time to explain. Not now.” Napatingin siya sa exit. Wala na roon si Javier at ang mga kasamahan niya. Lumubog na ang puso niya at gustong umiyak. Pero nanaig ang galit niya. “Wala kang karapatang pakialaman ako!”

“Too late. Javier will never hire you. I told him who you were and he said he’s no longer interested.”

Natigagal siya sa lalaki. Hindi nito alam kung saang buhay siya nito isinadlak. Kung wala na siyang chance sa harem, kailangan niyang sipingang ang mga politiko at shady businessmen na kilala ni Clementine. May nabanggit itong isang pangalan, congressman na ilang ulit nang nadadawit sa kung

anong corruption controversy. She was supposed to sleep with that dirty old man. Malaking mag-tip, kapag nagustuhan ang serbisyo niya ay magiging suki na niya. Isa sa mga DOMs na mahilig daw sa “fresh talent.”

Hindi niya alam kung kaya niya. With Javier, at least she needed to be with only one man. Roman ruined that for her.

“How dare you!” Tumaas ang tinig niya. Salamat at wala silang katabi. “Wala kang karapatang pakialaman ako. Kung galit ka pa rin sa akin sa nangyari noon, sige, awayin mo ako. Pero wala kang karapatang pakialaman ang buhay ko. I needed that job!”

“Why?”

“That’s none of your business!”

isinukbit niya ang bag at tumayo.

“Sit down, Luisa.”

Natigilan siya. Her pride told her to leave, but the quiet authority in his voice compelled her to obey. Muli siyang naupo.

“How much do you need?” tanong nito.

Madali para sa kanyang sagutin dahil nakuwenta na niya. “At least two million to pay off Mama’s debts.”

“She got a pretty good deal from me.”

“She developed a gambling addiction.”

“Come.” Tumayo na ito.

Napatayo na rin siya. “Where are we going?”

“To my house. We’ll discuss an arrangement that could settle all your

debts.”

Labis niyang ikinabigla ang sinabi nito pero agad siyang sumama sa lalaki.

CHAPTER 2

Simple lang ang bahay ni Roman, kumpara sa halaga ng property. It was in Tagaytay, a few minutes away from the large country club owned by Javier del Toro. Malawak din iyon. Garden pa lang ay ilang bahay na ang katumbas, puno ng halamang namumulaklak. Makalagpas doon ay isang bungalow na malapad.

Malayong-malayo ang hitsura ng bahay sa inaasahan siya sa isang tulad ng lalaki. She had always imagined him

living in a luxurious condominium or an industrial-style house. Maybe even a cabin in the woods. Any of the three would fit him perfectly. He reminded her of a sleek panther. She could picture him at home among glass and steel, exposed concrete, or deep in the woods. But he lived in a home that seemed to be maintained by a lovely middle-aged woman. She almost giggled if it weren't for the fact that her life literally rested upon his hands. Ni ayaw na niyang isipin kung paano sila papatayin ng loan shark. Naniniwala siyang kung wala nang mapakinabang sa kanila ng hepe, hindi ito magdadalawang-isip na ipapatay sila bilang babala sa iba. At hindi sila ang magiging una at huli.

Ipinagbukas siya ni Roman ng pinto.

Tumuloy sila sa loob. May kung anong pagkakalma ang lumapat sa puso niya kahit paano. It was a lovely home, something she would want for herself. Antigo ang mga muebles na kahoy, ang mga banga sa mga sulok ng bahay. Ganoon ang estilo ng bahay nila noon. Bago nabili ni Roman, kasama ang negosyong nakatayo sa kaparehong property. May isang taon na mula nang mapadaan siya roon. May harang ang site kaya hindi niya matanaw kung ano ang ginagawa sa loob. She guessed Roman would demolish the old property to give way to one of his modern buildings. Mukhang hindi ito ang tipo ng taong bibigyan ng importansiya ang history ng isang lugar. Ito ang tipong walang pakialam

na putulin ang mga puno para magtayo ng mid-rise condo na walang kaluluwa, o isang subdivision na magkakamukha ang mga bahay at halos walang puno sa paligid.

So seeing his house felt strange.

“Nice house,” komento niya nang mapansin ang isang antigong divan. Gawa sa solihiya ang gitna niyon, may nakabaong mother-of-pearl sa frame. Pamilyar sa kanya. Katulad ng pamana ng lola niya sa kanyang ina, na ang sabi ay ipapamana din sa kanya. It was probably not the same piece. May mangilan-ngilan nang natanggal na nakalubog na mother-of-pearl sa pag-aari nila. Surely this was a different piece.

“I got that from your mother,” anito.

Napalingon siya rito. “You bought literally everything?”

Tumango ito. “Yes.”

Bigla ay madami siyang gustong itanong dito pero sa huli ay napatango na lang. Gambling was a cruel vice. Nang pumanaw ang kanyang ama, sugal ang naging tugon ng kanyang ina sa lungkot. Kung hindi ito nalulong, hindi sana mapupunta kay Roman ang divan na mas matanda pa rito, gayundin ang lahat ng properties ng pamilya.

She wouldn't even be here at all.

She wouldn't have met him either.

Lihim siyang napabuntong-hininga, naalala kung paano niya nakilala si Roman. Noon ay tinawagan siya ng ina para sabihing mawawala na sa kanila ang property—ang bahay at ang

boutique hotel—kung hindi niya ito matutulungan. She made it seem like it was the end of the world. Bagsak na bagsak ang kanyang emosyon dahil sa pagkasira ng relasyon sa lalaking nakatakdang pakasalan, gayondin sa kawalan ng magandang plano para sa hinaharap. Nag-resign siya sa trabaho dahil boss niya ang kanyang ex.

Nagpatong-patong ang lahat ng iyon kaya siya umoo nang sabihin ng kanyang inang pakasalan niya si Roman.

But from the moment she saw him, she had felt an unease she couldn't explain, a flicker of fear. So when she learned that her mother had lied about the extent of her debts and that she was about to marry the son of a man

imprisoned for swindling people out of hundreds of millions of pesos, she fled. On her wedding day.

A year and a half later, her mother's friend called to tell her that her mother needed her. Nasa ospital ito. Her mother had lost so much weight and suffered a stroke. Ang dahilan ay stress sa dami ng utang nito. Apparently, her mother had already been addicted to gambling even before she left. Iyon ang totoong dahilan kung bakit ito nabaon sa utang. Ang sabi kasi nito ay humina na ang negosyo, nagpa-extend ito ng hotel, at nag-loan para doon, nagkaroon ng ka-deal na events coordinator, and so on. But the truth was much simpler: she gambled.

Gradual na-develop ang addiction

nito hanggang sa nagkalubog-lubog na sa utang. Pero nang umalis siya, pinalabas nitong mawawala na sa kanila ang lahat kahit ang totoo ay gusto lang nitong hindi mawala dito ang hotel. She had been willing to gamble away her daughter's life for that, too. Nang matuklasan niyang hindi ito maghihirap kung maibebenta kay Roman ang property, umalis na siya. She was certain the old lady would still walk away from the sale with a couple of million pesos. Mayroon din itong ibang properties na paupahan. Hindi ito maghihirap. Matagal na rin itong negosyante kaya marunong humawak ng pera.

Apparently, hindi pala kung lulong sa sugal ang isang tao. Kung nalaman

niya lang, agad sana siyang bumalik para i-manage ang pera. But it was too late. Naubos na nitong lahat at nagkaroon ng malaking utang sa loan shark na pinagbabantaan na ang buhay nito. Kaya ito na-stroke.

“How did you get yourself into this trouble, Luisa?” ani Roman.

“D-Debt. I... I really need the money.”

“How much?”

“Two million.” Napayuko siya sa kahihyan. Ganoon pala ang pakiramdam makiusap ng pera. Isang milyon lang ang utang ng kanyang ina. Ang interest ang malaking problema. Twenty percent a month. Pumapatong lang nang pumapatong kaya parang walang katapusan. Kalahating milyon na ang nailabas niya, perang mula sa

savings niya, credit cards, loan apps. At least mas mababa ang interes sa mga iyon, naisip niya. Pero talagang hindi pa rin kaya. Sa kabila ng naibayad niya, one point one million pa rin ang utang. At kapag pumatong na naman ang interest sa katapusan, one point three mahigit na. Bukod pa sa inutang niya sa credit cards at apps at tinubo niyong interest.

“Magkano ang inalok sa ‘yo ni Javier kada buwan?”

Lalo na siyang napahiya. Pero ano pa ba ang magagawa niya kung alam na nito? Hindi na niya iyon made-deny.

“Wala pang usapan.”

“How much were you expecting?”

“I was expecting to make what I owe.”

“In a month? I doubt you would’ve gotten that.”

Alam niya iyon pero hindi niya nagustuhan ang hirit nito. Uminit ang ulo niya. Napapahiya na nga siya, ipapamukha pang walang magbabayad sa kanya ng dalawang milyon sa loob ng isang buwan. Hindi niya naman inaasahang isang buwang sahod lang iyon. Siyempre pagtatrabahuhan niya. Ang ibig niya lang namang sabihin, umaasa siyang makakabayad ng utang kung mamamasukan kay Javier.

What right did Roman have to judge her anyway? His father was not exactly a clean businessman. Iyon nga ang isa sa mga dahilan kaya siya umatras. That and the fact that Roman seemed to think of marriage as a business venture.

He was cold. His businesses seemed like it, too.

“I didn’t ask what you thought I was worth,” aniya, hindi maiwasang magtunog mataray dahil nainsulto sa sinabi ng lalaki. Pinipresyuhan siya nito at sa palagay nito ay mumurahin lang siya. Sino ang hindi maiinis? Pero kailangan niyang ipaalala sa sarili na wala siyang ibang puwedeng pagpilian.

“I didn’t say anything about what you’re worth. I said I doubt Javier would’ve paid you that much.”

“You don’t know what Javier would’ve paid for me. I doubt he discussed the terms with you. If two million is too steep for you, Roman, just say so,” balik niya kahit anong pigil sa bibig. Minsan lang umalpas ang mga

salita mula roon at mahirap pigilan.

And it would get her in trouble, she was sure. Ano bang nakain niya na itong huling pag-asa niya ay gusto pa niyang pawalan?

“Tell you what, princess. I’ll give you three million for one month with me. We’ll have the honeymoon you ran from. One condition—you do as I ask. Be a good girl and keep the attitude in check. Do we have a deal?”

Napasinghap siya. Sana hindi nito narinig. Pinagmasdan niya ang lalaki, naghanap ng indikasyon na nagbibiro lang ito. He was serious. God, his eyes. They were dark and steady, his attention so complete it made her skin prickle. The tattoos, his size, the way he barely moved while waiting for her answer.

Everything about him gave her the same uneasiness she had felt two years ago. Roman never had to raise his voice to make her feel cornered.

But did he really say that? Three million in one month? Mukhang nasugatan niya ang ego nito. But how could she be sure he would actually pay?

“Y-You’re giving me three million now?”

“One million now. Another in fifteen days. The final million on day thirty. Agreed?”

“Y-Yes,” halos hangin lang iyong lumabas sa mga labi niya.

“Good. Are you hungry?”

“Not really.”

“The bedroom’s that way.”

“I’d need a down payment.” Kusa iyong lumabas sa mga labi niya dahil wala na siyang tiwala sa mga salita lang. She was done trusting too much on people’s words. Ilang ulit bang may kaibigan o kakilalang nangakong tutulong pero sa huli ay umasa lang siya sa wala. Ang kailangan niya ngayon ay hindi pangako o berbal na garantiya kundi ebidensiyang kaya niyang ibayad sa loan shark.

Tumaas ang sulok ng labi nito. “Do you still have my number?”

“Yes.” Hindi niya iyon binura.

“Send me your bank details.”

May nginig ang kanyang mga kamay habang pinipindot ang cellphone na kinuha sa bag. It was pathetic how quickly she gave him her bank details,

like the beggar she had become. Pinigilan niya ang sariling mapaluha nang maunawaan na mukha siyang pera at kahabag-habag sa ginagawa pero wala naman siyang ibang choice. Isipin na nito ang gusto pero desperada siya at hindi niya iyon magawang ikubli.

Nang maipadala dito ang detalye ay umunat siya, tumingin dito ayaw man dahil sa kahihiyan. God, he was looking at her. Still looking. He had seen her act proud and defiant only minutes ago. Now he was watching her scramble for his money.

Wala itong sinabing kahit na ano, inilabas lang ang phone at pinindot. Wala pang isang minuto ay may notification na dumating sa kanya. A million pesos was sent to her account.

“Thank...” Napalunok siya sa biglang pagbaha ng ginhawa sa dibdib. “Thank y-you.”

Para maiwasan ang mas kahiya-hiyang usapan, tumuloy na lang siya sa silid. He knew she had been prepared to sell her body to Javier. Of course he wanted the same thing. And she was going to give it to him because she still needed the rest of the money.

Her heart beat faster with every step toward the bedroom.

Other Vanessa Titles from Whimsical

Harem Series

His Body

His Mind

His Heart

His Soul

Her Love (novella)

His Bargain (e-novella)

Naughty Nadia (spin-off)

Sons of Aphrodite

Letters for Miguel

A Baby for Iñigo

Sunsets for Santiago

A Home for Alexander

Poison Trilogy

Whiskey

Chaos

Mad Dog

Seasoned Men Duology

Silver Fox

In Black and White

Scandalous Series

Irresistible

Delicate

Unholy

Untouched

Sierra del Sol

Hanggang Magwakas ang Kailanman

What If

What if We Fall In Love?

What if We Start Over?

The Ruthless

Cruel Vows

Savage Chains

Other Standalone Titles

Forbidden Territory

Elena (e-novella)

The Adventures of Chubby Tita

Chubby Tita Extra Rice (e-novella)

Cuatro Marias

The Dream Dancer

Everbride

Ang Sanlibong Lalaki ni Sabel

Ang Ilusyong Lalaki ni Violet

Pulot

Download previews:

vanessa-writes.com

Announcements and latest projects
will be posted on [Vanessa's Facebook.](#)

WHERE TO BUY?

Digital and printed books:

Facebook.com/WhimsicalBooksPh

Shopee.ph/WhimsicalBooksPh

Tiktok.com/WhimsicalBooksPh

Digital (ebooks):

Facebook.com/WhimsicalBooksPh

Thank you for supporting
local indie writers!